ELECTION 2020

Call:
1-888-API-VOTE
(274-8683)

Bilingual assistance is available in English, Mandarin (普通話/普通话), Cantonese (廣東話/广东话), Korean (한국인), Vietnamese (Tiếng Việt), Tagalog, Urdu (اردو), Hindi (हिन्दी), and Bengali (বাংলা).

ASIAN AMERICANS ADVANCING JUSTICE AAJC

Handa Ka Na Bang Bumoto: ARIZONA?

Na-update noong Miyerkules, Oktubre 21, 2020

Ang Araw ng Halalan ay Martes, Nobyembre 3, 2020

Kapag bumoboto, mayroon kang karapatan na:

☑ Magdala ng kasama upang matulungan kang bumoto habang nasa lugar ng botohan kung ikaw ay nahihirapan sa Ingles.
☑ Makatanggap ng tulong sa wika na galing sa gobyerno sa iilang mga lugar.
☑ Bumoto ng hindi natatakot o makatanggap ng diskriminasyon galing sa iba.
- ➢ Ang pananakot o diskriminasyon sa mga lugar ng botohon ay maaaring maging paghaharass sa iyo o pagbabawal sa iyong karapatan na bumoto dahil sa iyong punto o hinahamon ang iyong karapatan na bumoto sa isteryotipo na ikaw ay hindi mamamayan dahil sa iyong lahi.

Sino ang maaaring makaboto sa Arizona

- Isang mamamayan ng Estados Unidos;
- Isang residente ng Arizona at ng iyong lalawigan ng hindi bababa sa 29 na araw bago ang susunod na halalan;
- May edad na 18 na taon sa araw mismo o bago ang susunod na pangkalahatang halalan;
- Makakapagsulat ng iyong pangalan o marka, maliban na lang kung may kapansanan at hindi ito magagawa;
- Hindi pa nahahatulan ng pagtataksil o mabigat na krimen (o pagbalik muli ng iyong mga karapatang sibil); at
- Kasalukuyang hindi naideklara ng hukuman na isang taong walang kakahayan.

Mga Pangunahing Petsa

- Miyerkula, Oktubre 7 – Magsisimula na ang maagang pagboto!
- Huwebes, Oktubre 15 – Dedlayn ng pagpaparehistro upang makaboto para sa Halalan sa Nobyembre 2020.
- Biyernes, Oktubre 23 – Ang mga botante ay dapat ng mag-apply para sa mga absentee ballot pagdating ng araw na ito.
- Martes, Oktubre 27 – Inirerekomendang dedlayn para ipadala pabalik ang iyong balota.
- Martes, Nobyembre 3 – Araw ng Halalan! Bumoto ng personal sa iyong lugar ng botohan o siguraduhin na ang iyong absentee ballot ay matatanggap na sa araw na ito.

Pagpaparehistro bilang Botante: Rehistrado ka na ba?

- Nakapagparehistro ka na ba upang makaboto dati?
  - Oo
    - Kumpirmahin kung ikaw ay nakarehistro pa sa lugar kung saan ka nakatira: https://my.arizona.vote/WhereToVote.aspx?s=individual
    - Kung ikaw ay hindi na nakarehistro, magparehistro muli ngayon: https://servicearizona.com/VoterRegistration

- Kung ikaw ay nakarehistro sa maling address, i-update ang iyong rehistrasyon: https://servicearizona.com/VoterRegistration

- Hindi
  - Magparehistro ngayon! Kinakailangan na makapagparehistro ka na pagdating ng Huwebes, Oktubre 15.
    - Magparehistro online: https://servicearizona.com/VoterRegistration
      - Lisensiya sa Pagmamaneho sa Arizona o isang kard ng identipikasyon na non-operating na na-isyu pagkatapos ng Oktubre 1, 1996.

    - Magparehistro sa pamamagitan ng koreo:
      - Maaaring mag-print ng form online o humiling na ipadala sayo sa koreo ang form para sa rehistrasyon na galing sa inyong Tagatala sa Lalawigan.
        - I-download at mag-print ng mga form sa Ingles at iba pang lengguwahe: English/Español (Espanyol)
      - Ipadala sa koreo o ihulog ang iyong aplikasyon sa tanggapan ng eleksyon sa iyong lalawigan: https://azsos.gov/county-election-info
      - Gamit ang National Mail Voter Registration Form: https://www.eac.gov/voters/national-mail-voter-registration-form
        - Ang National Mail Voter Registration Form ay maaaring magamit upang magparehistro ng mga mamamayan sa U.S. upang makaboto, mag-update ng impormasyon sa rehistrasyon dahil sa pagpapalit ng pangalan, pagpalit ng address, o upang magrehistro sa isang pulitikal na partido.
        - Kinakailangang sundin mo ang espesipikong panuntunan ng estado na nakalista sa iyong estado. Ang mga ito ay nagmumula sa ika-3 na pahina ng form at nakalista ng alpabetiko ayon sa estado. Pagkatapos sagutan ang form na ito, kinakailangan mo itong pirmahan ng iyong pangalan at ipadala ito sa estado o lokal na tanggapan ng eleksyon sa iyong lalawigan para pagpo-proseso. Siguraduhin na ipadala ito ng nakalagay sa sobre kalakip ang tamang halaga ng selyo.
        - I-download ang Form sa 15 na Lengguwahe:
          - National Mail Voter Registration Form – English
          - طلب تسجيل الناخب – Arabic
          - জাতীয় ডাক ভোটার নিবন্ধন ফরম – Bengali
          - 国家邮件选民登记表 – Chinese
          - Inscription sur les listes électorales – French
          - Aplikasyon Enskripsyon Elektè – Haitian Creole
          - राष्ट्रीय डाक मतदाता पंजीकरण फॉर्म – Hindi
          - 国立メール有権者登録フォーム – Japanese
          - ទម្រង់បែបបទនៃការចុះឈ្មោះអ្នកបោះឆ្នោតជាតិ – Khmer
          - 전국 우편 유권자 등록 양식 – Korean
          - Solicitação para cadastro de eleitor – Portuguese
          - Заявка на регистрацию избирателя – Russian
          - Formulario nacional de inscripción de votantes – Spanish
          - National Mail Form ng Pagpaparehistro ng Botante – Tagalog
          - Mẫu đăng ký quốc gia Thư cử tri – Vietnamese
  - Siguraduhin na mayroon ka lahat ng kinakailangan na dokumentasyon upang makapagparehistro.

- Katunayan ng Pagiging Mamamayan
  - Ang tao na nagsumite ng balido na katunayan ng pagiging mamamayan kasama ang kanyang form ng rehistrasyon (kahit pa anong klase ng form ang masumite) ay may karapatan na bumoto sa lahat ng pederal, estado, lokal, at lalawigang halalan kung saan siya karapat-dapat. Ang form para sa rehistrasyon ng botante ay kinakailangang kumpleto.

- Ang tao na hindi kinakailangang magsumite ng katunayan ng pagiging mamamayan kasama ang form para sa rehistrasyon ng botante, ngunit ang hindi pagsumite nito ay nangangahulugan na maaari lang siya bumoto sa pederal na halalan (kilala sa pagiging “federal only” na botante). Ang “federal only” na botante ay magkakaroon ng karapatan na bumoto sa “full ballot” sa lahat ng pederal, estado, lalawigan at lokal na mga halalan kung siya ay magsusumite di kalaunan ng balidong katunayan ng pagiging mamamayan sa naaangkop na tanggapan ng Tagatala ng Lalawigan.
- Tinatanggap na Impormasyon ng Katunayan ng Pagiging Mamamayan
  - Kung ikaw ay mayroong Lisensiya sa Pagmamaneho sa Arizona o isang kard ng identipikasyon na non-operating na na-isyu pagkatapos ng Oktubre 1, 1996, kailangan mo lamang ilista ang numero ng iyong plaka sa kahon bilang 9 ng form para sa rehistrasyon ng botante.
  - Kung ikaw ay walang lisensya ng Arizona, maaaring kinakailangan mong magbigay ng isa sa mga sumusunod na dokumento upang ipagtibay ang katunayan ng pagiging mamamayan:
    - Sumusuportang legal na dokumentasyon (hal. Sertipiko ng kasal) kung ang pangalan sa sertipiko ng kapanganakan ay hinidi pareho sa iyong kasalukuyang ligal na pangalan
    - Isang malinaw na kopya ng mahahalagang pahina ng iyong pasaporte
    - Mga dokumento ng naturalisasyon sa U.S. o sagutan ang iyong Alien Registration Number sa kahon bilang 11 sa form para sa rehistrasyon ng botante.
    - Ang iyong Indian Census Number, Bureau of Indian Affairs Card Number, Tribal Treaty Card Number, o sagutan ang iyong Tribal Enrollment Number sa kahon bilang 10 sa form para sa rehistrasyon ng botante
    - Isang malinaw ng kopya ng iyong Tribal Certificate of Indian Blood o Tribal o Bureau of Indian Affairs Affidavit of Birth

Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

- Ikaw ba ay humiling ng balotang mail in?
  - Oo
    - Sundan ang istatus ng iyong balota o kumpirmahin kung ito ba ay natanggap pabalik at nakuha ng walang aberya sa: https://my.arizona.vote/PortalList.aspx
    - Ang mga botante sa Lalawigan ng Maricopa ay maaaring makatanggap ng awtomatikong mga pag-update ng kanilang balota sa pamamagitan ng text. I-text ang salitang “JOIN” sa 628-683 o bisitahin ang TextSignUp.Maricopa.Vote upang mag-subscribe.
  - Hindi
    - Kung nais mong humiling ng balotang mail in (aka absentee ballot) at nakapagparehistro ka na pagdating ng Huwebes, Oktubre 15, maaari mo pa rin ito magawa hanggang Biyernes, Oktubre 23: https://azsos.gov/votebymail
    - Upang humiling ng absentee ballot para sa pangkalahatang halalan sa Nobyembre, magpalista hanggang Biyerness, Oktubre 23 ng 5 pm: https://my.arizona.vote/Early/ApplicationLogin.aspx
      - **Sa pamamagitan ng papel**: I-print, kumpletuhin at pirmahan ang request form ng ballot-by-mail. Ipadala sa koreo, i-fax o i-email ang na-scan na kopya o litrato ng nakumpletong form sa Tanggapan ng Tagatala ng Lalawigan: https://azsos.gov/sites/default/files/20-AZS0S-0958_PEVL_Registration_Form_r09.pdf
        - Kung ikaw ay walang printer, isulat ang kinakailangang impormasyon galing sa request form, pirmahan ang dokumento na iyong sinulatan, pagkatapos ay ipadala ito sa koreo, i-fax o i-email sa Tanggapan ng Tagatala ng Lalawigan.
      - **Sa pamamagitan ng telepono**: Maaari mong tawagan ang inyong Tagatala ng Lalawigan upang humiling ng ballot-by-mail para sa Pangunahing at/o Pangkalahatang Halalan 2020. Kinakailangan mong ibigay ang iyong pangalan, araw ng kapanganakan, address na iyong tinitirahan at iba pang pangtukoy na impormasyon.
        - Hanapin ang impormasyon kung paano makipag-ugnayan sa iyong Tagatalaga ng Lalawigan dito.
      - **Sa pamamagitan ng email**: Maaari mo rin i-email ang iyong Tagatala ng Lalawigan kalakip ang mga sumusunod na impormasyon:
        - Unang pangalan at apelyido
        - Araw ng kapanganakan
        - Address na iyong tinitirahan

- Address para sa Koreo (kung saan mo nais maipadala ang balota, kung ito ay iba sa iyong address na tinitirahan)
- Estado o Lalawigan ng kapanganakan, o isa piraso pa ng impormasyon na, kung ikukumpara sa iyong record bilang botante, ay makakapagkumpirma ng iyong pagkatao (hal. Numero ng Lisensiya sa Pagmamaneho, huling 4 na numero ng iyong Social Security number, pangalan ng iyong ama, o pangalan ng iyong ina noong siya ay dalaga pa)
- Napiling Balota sa Pangunahing Halalan (kung rehistrado bilang Walang Nakatalagang Partido/Independiyente)
- Ang mga botante na nakarehistrong walang pulitikal na partido ay kinakailangang mamili kung aling balota ang kanilang nais para sa Pangunahing Halalan: Republikano, Demokratiko, Green (mayroon lamang sa mga botante sa Lalawigan Pima), o Nonpartisan (kabilang lamang ang nonpartisan, municipal na lahi, sa mga lungsod/bayan kung saan magaganap ang eleksyon sa Agosto 4, 2020)
- Isulay ang sumusunod na mensahe: “Ako ay humihiling ng ballot-by-mail para sa Pangunahin at Pangkalahatang Halalan 2020 at binibigyan ko ng permiso ang Tagatala ng Lalawigan na ipadala sa koreo ang aking balota sa address na nakalagay sa email na ito.”

  - Permanent Early Voting List (PEVL)
    - Ang mga botante sa PEVL ay awtomatikong mapapadalahan ng ballot-by-mail para sa lahat ng eleksyon kung saan sila ay karapat-dapat na bumoto.
    - Ang rehistrasyon online ay nangangailangan ng Lisensiya sa Pagmamaneho sa Arizona o numero ng Non-Operating ID. Sa pamamagitan ng pagpindot ng link sa ibaba, maaari kang magparehistro upang makaboto o i-update ang iyong rehistrasyon bilang botante upang sumali sa PEVL: https://servicearizona.com/VoterRegistration/selectLanguage
    - Form ng Papel ng PEVL: I-print, kumpletuhin at pirmahan ang complete, PEVL request form. Ipadala sa koreo, i-fax o i-email ang kopya na na-scan o litrato ng nakumpletong form sa Tanggapan ng Tagatala ng Lalawigan.
    - Kung ikaw ay walang printer, isulat ang kinakailangang impormasyon galing sa request form, pirmahan ang dokumento na iyong sinulatan, pagkatapos ay ipadala ito sa koreo, i-fax o i-email ang na-scan na kopya o litrato ng iyong sulat-kamay na hiling sa Tanggapan ng Tagatala ng Lalawigan.
    - Hanapin ang impormasyon kung paano makipag-ugnayan sa iyong Tagatalaga ng Lalawigan dito.
    - Walang dedlayn ang pagsali sa PEVL. Ngunit, upang makakuha ng ballot-by-mail para sa parating na eleksyon, kinakailangan na magpalista ka ng hindi bababa sa 11 na araw bago ang Araw ng Halalan.

- Paano ko ibabalik ang aking mail in na balota?
  - Kung nais mong ihulog ang iyong mail in na balota,
    - Maaari mong ihulog ang iyong balota sa anumang drop-box ng balota, mga lugar ng hulugan, mga lugar ng maagang botohan, o mga lugar ng botoahan sa Araw ng Halalan sa iyong lalawigan sa mismong araw o bago ang Araw ng Halalan. Maaari mong makita ang lugar ng botohan at hulugan sa website ng lalawigan: https://azsos.gov/county-election-info. Ang mga balota ay dapat natanggap na pagdating ng 7 pm sa Araw ng Halalan.
    - Kung pinaplano mong gumamit ng ISPS upang ipadala pabalik ang iyong balota, gamitin ang pre-paid na sobre na kalakip sa iyong pakete ng ballot-by-mail. Para sa Pangkalahatang Eleksyon sa Nobyembre, nirerekomenda namin na ipadala ito ng Martes, Oktubre 27 (7 na araw) bago ang Araw ng Halalan upang masigurado na makakarating ito sa mga opisyal ng eleksyon sa iyong lalawigan sa tamang oras.
      - TIP: Gawin ito ng maaga! Ipadala ito ng hindi bababa sa isang lingo bago ang Araw ng Halalan.
  - Gumawa ng planong pang-aksyon kung hindi mo matatanggap ang baloto o hindi mo ito matanggap sa saktong oras (Ano ang dapat gawin kung hindi mo ito matatanggap sa tamang oras at/o hindi mo ito maipapadala sa tamang oras).

Pagboto ng Personal

- Kung nais mong bumoto ng maaga:
  - Ang bawat lalawigan ay mayroong iba't ibang pagpipilian ng maagang pagboto ng personal mula 27 na araw bago ang Araw ng Halalan hanggang 5 pm ng Biyernes bago ang Araw ng Halalan. Bisitahin ang website ng inyong Tagatala ng Lalawigan upang malaman ang iba pang detalye ng iyong mga pagpipilian sa maagang pagboto sa inyong lalawigan: https://azsos.gov/county-election-info
  - Kinakailangan ng patunay na dokumentaryo: https://azsos.gov/elections/voting-election
- Kung pinaplano mong bumoto sa Araw ng Halalan:
  - Hanapin ang lugar kung saan ka boboto sa https://my.arizona.vote/WhereToVote.aspx?s=address at ilista ang mga lugar ng botohan dito.
  - Paano ka makakarating sa lugar ng botohan? Gumawa ng plano!
  - Pagdating mo sa lugar ng botohan upang bumoto sa Araw ng Halalan, sasabihin mo ang iyong pangalan at kung saan ka nakatira sa opisyal ng halalan at magpapakita ng isang anyo ng identipikasyon mula sa Listahan # 1 o dalawang magkaibang anyo ng identipikasyon mula sa Listahan # 2 o 3:
    - Listahan #1 – Sapat na ID na may larawan kalakip ang pangalan at address (Kinakailangan ng isa)
      - Balidong lisensiya sa pagmamaneho sa Arizona
      - Balidong kard ng identipikasyon na non-operating sa Arizona
      - Tribal enrollment card o iba pang anyo ng identipikasyong pangtribo
      - Balidong identipikasyon na na-isyu ng pederal, estado o lokal ng gobyerno ng Estados Unidos
    - Listahan #2 – Sapat na ID na walang larawan na nagpapakita ng pangalan at address (Kinakailangan ng dalawa)
      - Utility bill ng manghahalal na ang nakapetsa ay nasa loob ng 90 na araw ng petsa ng eleksyon. Ang utility bill ay maaaring pang-kuryente, gaas, tubig, solid waste, alkantarilya, telepono, cell phone o cable sa TV
      - Statement o pahayag sa bangko o unyon ng kredito na nakapetsa sa loob ng 90 na araw ng petsa ng eleksyon
      - Balidong Rehistrasyong ng Sasakyan sa Arizona
      - Indian census card
      - Statement o pahayag ng Amilyar ng tinitirhan ng manghahalal
      - Tribal enrollment card o iba pang anyo ng identipikasyong pangtribo
      - Kard ng insurance ng sasakyan sa Arizona
      - Sertipiko ng Tagatala
      - Balidong identipikasyon na na-isyu ng pederal, estado o lokal ng gobyerno ng Estados Unidos, kabilang ang kard ng rehistrasyon ng botante na na-isyu ng Tagatala ng Lalawigan
      - Alinmang koreo para sa manghahalal na may markang "Official Election Material"
    - Listahan #3 – Paghalu-haluin ang nasa Listahan #1 at #2 (Kinakailangan ng dalawa)
      - Alinmang balidong identipikasyon na may larawan mula sa Listahan # 1 na ang address ay hindi makatwirang tumutugma sa nakarehistro sa presinto kalakip ang isang identipikasyon na walang larawan mula sa Listahan # 2 kung saan ang address ay makatwirang tumutugma sa nakarehistro sa presinto
      - Pasaporte ng U.S. na walang address at isang balidong bagay mula sa Listahan # 2
      - Identipikasyon ng Militar ng U.S. na walang address at isang balidong bagay mula sa Listahan # 2

Tulong para sa Lengguwahe

- Walang Seksyon 203 na saklaw ng isang lengguwaheng Asyano.

- Ang Seksyon 208 ng Voting Rights Act (VRA) ay nagbibigay ng karapatan sa bawat botante na magdala ng kanilang napiling kasama sa lugar ng botohan kung kinakailangan nila ng tulong sa pagboto dahil sa pagkakaroon ng kapansanan o nahihirapan sa pagbasa o pagsulat sa Ingles.
  - Kilala mo na ba ang iyong tagasalin kung sakaling kakailanganin mo ng tulong sa lengguwahe?
    - Kilalanin kung sino ang sasama sa iyo sa botohan upang magbigay ng tulong sa lengguwahe.
    - Siguraduhin na ang taong iyon ay hindi mo boss o kinatawan ng iyong unyon.
    - Makipag-ugnayan patungkol sa inyong iskedyul at magtakda ng pagkikita at kung paano kayo pupunta sa lugar ng botohan.
- I-tsek ang iyong estado at mga batas para sa karagdagang pangangailangan para sa tulong sa lengguwahe.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang:
http://aanhpi.org/resources/
https://azsos.gov/elections/voting-election
www.advancingjustice-aajc.org/election2020

Kung ikaw ay may mga katanungan patungkol sa pagboto, maliit man ito o malaki,
tawagan kami sa 1-888-API-VOTE (1-888-274-8683) para sa tulong sa
Ingles, Mandarin (普通話), Cantonese (廣東話), Korean (한국어), Vietnamese (tiếng Việt), Tagalog, Urdu (اردو), Hindi (हिंदी), at Bengali/Bangla (বাংলা). Maaari kaming magbigay ng tulong hanggang sa, sa araw mismo at pagkatapos ng Araw ng Halalan.
.